# Pagpapadaloy ng mga Pulong para sa IEP

## Pagsusulong ng mga kolaboratibong pagpupulong para sa Programa sa Edukasyon na Akma sa Indibidwal (IEP, Individualized Education Program) bilang hakbang na pang-iwas



### Tungkulin ng IEP Facilitator

Ang facilitator na iniisponsoran ng estado ay isang niyutral na ikatlong partido na sinanay sa mga teknik ng pasilitasyon ngunit hindi isang empleyado ng distrito ng paaralan, kasapi ng pangkat ng IEP, o isang tagapagtaguyod para sa sinumang tao sa pangkat.

### Pangunahing Layunin

Pananatilihin ng facilitator ang pokus ng pulong para sa IEP sa kung ano talaga ang mahalaga — ang mga indibidwal na pangangailangan ng mag-aaral — habang:

- ✓ Nagmumungkahi ng mga pamantayan ng grupo upang magbigay ng istruktura at pokus para sa pulong
- ✓ Isinusulong ang dayalogo at hinihikayat ang partisipasyon ng buong pangkat para sa pagpapasya nang hindi ipinipilit ang anumang pasya sa grupo
- ✓ Kinikilala at tinutugunan ang magkakaibang opinyon sa magalang at niyutral na paraan

> “Ang facilitator ay bumuo ng nakasulat na adyenda at mga pamantayan sa pagpupulong ng grupo para sa pagpupulong ng IEP. Bilang isang taong mas mahusay sa biswal, ang pagsangguni sa iyong mga tsart habang umuusad ang talakayan ay lubhang nakatulong sa akin.”
>
> - *Magulang*

### Pasilitasyon ng IEP

Ang pasilitasyon na iniisponsoran ng estado ay isang boluntaryong proseso kung saan ang isang ikatlong partido (facilitator) ang gumagabay sa pulong para sa Programa sa Edukasyon na Akma sa Indibidwal (IEP, Individualized Education Program) upang makatulong na mapanatili ang bukas na komunikasyon at mapanatiling nakatutok ang mga kasapi ng pangkat ng IEP sa pagbuo ng isang IEP na katanggap-tanggap sa lahat ng panig. Ang pasilitasyon ay isang libreng serbisyo.

Ang mga magulang ng mga batang may batid na o pinaghihinalaang kapansanan at/o mga tauhan ng paaralan ay may karapatang humiling ng mga serbisyo ng pasilitasyon mula sa Illinois State Board of Education (ISBE).

**ILLINOIS** STATE BOARD OF **EDUCATION**

## Mga Benepisyo ng Isang Pinadaloy na Pulong para sa IEP

- Maaaring bumuo at mapabuti ang mga ugnayan sa mga kasapi ng pangkat ng IEP at sa pagitan ng mga magulang at paaralan
- Pinahuhusay ang epektibong komunikasyon at pakikinig sa loob ng grupo
- Nagbibigay ng mga pagkakataon para sa mga kasapi ng pangkat na malutas ang mga alitan, kung sakaling magkaroon ng mga ito
- Nililinaw ang mga punto ng pagkakasundo at hindi pagkakasundo
- Hinihikayat ang lahat ng kasapi ng pangkat na makibahagi sa responsibilidad ng pagbuo ng IEP
- Pinananatili ang pokus sa mga pangangailangan ng bata

*Maging bukas sa pagsasaalang-alang ng iba pang mga ideya o solusyon!*



*Makinig para matuto kahit hindi ka sang-ayon!*

## Paghahanda para sa Pulong

- Maging handang makipag-usap sa facilitator bago ang pulong para sa IEP.
- Kung hihilingin, i-email ang kasalukuyang IEP o draft, pati na rin ang anumang kamakailang datos ng ebalwasyon upang makatulong sa talakayan at pagpaplano.
- Maghanda ng listahan ng mga isyung tatalakayin at mga tanong na itatanong, kung kinakailangan.

## Mga Responsibilidad ng Distrito

Ang distrito ng paaralan ay nananatiling may pananagutan sa pagsunod sa mga kinakailangan para sa espesyal na edukasyon sa ilalim ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA) at ng Illinois Administrative Code.

> "Ang pagkakaroon ng facilitator na gagabay sa isang proseso kung saan ang lahat ay nagkakaisa ay napakahalaga. Ang paggamit ng mga biswal na adyenda, pagkamit ng pagkakasundo sa bawat hakbang, at pagbuo ng mga ugnayan bilang isang pangkat ay dinamiko. Nandito tayong lahat para sa iisang dahilan … ang suportahan ang mag-aaral."
>
> \- *Miyembro ng Kawani ng Paaralan*

## Mga Karapatan ng Magulang

Lahat ng karapatan ng magulang, mga abiso, at mga pananggalang na pang-proseso ay nananatiling naaangkop — gaya ng sa anumang iba pang pagpupulong para sa IEP.

Ang dokumento ng IEP ay maipapatupad sa pamamagitan ng proseso ng reklamo ng estado o sa pagdinig na may angkop na proseso.

> "Ito ang pinakaproduktibong pulong ng IEP na aking nadaluhan. Ngayon ay naiintindihan ko na ang aking tungkulin at ang mga tungkulin ng bawat kasapi ng pangkat ng IEP.
>
> \- *Magulang*

**Makipag-ugnayan**
**Emily Postelmans - IEP Facilitation Coordinator**
**Email:** epostelm@isbe.net
**Telepono:** 217-782-5589
**TTY/TDD:** 217-782-1900
**Fax:** 217-782-0372
**Website:** www.isbe.net/Pages/IEP-Facilitation-System.aspx